# **Hulagway sa Rabaw ng Tubig**

Bata pa ako, kinahiligan ko na ang tubig. Minsan kung tumutulong ako maghugas ng pinggan, pinagagalitan ako ng aking ina dahil ang tagal-tagal kong maghugas na tila bang naglalaro lang ako. Dahil sa aking pagmamahal sa tubig at walang sawang pangungulit sa aking magulang ay dinala nila ako sa dagat. Sa una kong pagtapak sa malamig na tubig-dagat, agad kong nakitang lumitaw sa rabaw ang aking hulagway. Ito ang isa sa mga bagay na tumatak sa aking isipan hanggang ngayon.

Hulagway at pagkakakilanlan. Dalawang salitang may kaugnayan bagaman mahirap makita ang kanilang koneksyon. Habang isinusulat ko ang sanaysay na ito ay naalala ko ang aking hulagway sa tubig. Naitanong ko sa sarili ko ang napakaraming katanungan – *Sino ba talaga ako? Sino ang taong nakatingin pabalik sa akin? At; Sino ang aking hinahanap?* Mga tanong na hinahanapan din ng sagot ng mga kabataang kagaya ko.

*Sino ba talaga ako?*

Ang pinakauna kong ginawa nang nakarating sa dagat ay lumangoy. Habang nagpapalutang sa tubig, bigla kong naitanong sa sarili, '*Ano kaya ang nasa loob ng tubig?*' Para malaman ang sagot, maraming beses akong sumisid at sumalok ng tubig ngunit hindi ko pa rin mahanap ang sagot. Katulad ng katangian ng tubig na pinagtatakahan ko noon, ganito rin kakumplekado ang pagsagot kung ano ang bumubuo sa ating pagkatao. Ayon kay John Locke, lahat ng tao sa mundo ay ipinanganak na isang *tabula rasa* o *blank slate* kung saan ang ating mga karanasan ang magsusulat kung sino nga ba tayo. Maliit man o malaki na pangyayari ay may epekto ito sa ating magiging kilos at paraan ng ating pag-iisip. Ngayon, ako ay nabubuhay sa pahanon ng *21st century* – panahon ng mga *instant* (*instant noodles*, *instant coffee*, *instant*

*beauty* at *instant* na mga karanasan sa tulong ng *social media*). Sa pagtatampisaw at pagsisid ko sa mga alon ng *social media sites*, doon nagsimula ang pagsulat sa aking pagkakakilanlan.

Una kong narinig ang *social media* mula kay Papa noong walong taong gulang ako. Akala ko isa itong *site* kung saan pwede akong maglaro o di kaya isang lugar kung saan pwede ako makapanuod ng mga libreng palabas. Tuwang-tuwa ako nang binuksan niya ang aming kompyuter upang ipakita sa akin ang *Friendster* – isang klase ng *social media site* na kilala pa noon. Hindi ko inaasahan ang naging itsura nito dahil inakala ko magiging makulay at may kaakit-akit na disenyo ngunit ang nakita ko lamang ay may mga kahon sa loob ng isang kahon at mga salitang *Log In* at *Password*. Tinanong ko nga muli si Papa kung niloloko ba niya ako. Sa halip, ang sinagot niya lamang sa akin ay ang pag-iling ng kanyang ulo. Sinubukan ko itong gamitin ngunit dahil sa aking musmos na pang-isipan, hindi ko pa alam kung ano ang saysay at gamit nito. Subalit kinatagalan, dahil sa mga makikinang na litrato at ang kakayahang palitan ang *background* at *font styles* kaya ako ay nawili. Mula noon, dahan-dahang nagsimula ang pagbago ng aking pagkatao. Bago ko pa natuklasan ang *social media*, hindi ako mahilig magsalita. Nakakalungkot dahil tuwing may recess kami, ako palagi ang naiiwan sa loob ng klase habang ang lahat ay naglalaro sa labas. Dahil siguro hindi ko sila kinakausap kaya naman hindi rin nila ako niyayayang makipaglaro kasama nila. Sa pamamagitan ng *social media*, naging kaibigan ko ang mga kaklase ko (sa mundo ng *Friendster*) at natuto akong makipag-usap sa kanila dahil nagpapaturo sila sa akin kung paano magpalit ng *layout*. Doon ko napagtanto na kahit tahimik lamang ako ay kaya ko ring makipagkaibigan sa iba. Ang bagong pagkatuklas na ito ang naging una kong hakbang upang makilala ko pa ang aking sarili.

*Sino ang taong nakatingin pabalik sa akin?*

Minsan takot akong tumingin sa tubig lalong-lalo na kung alam kong malalim ito. Maaaring dahil maraming dikya o di kaya dahil hindi ko alam kung ano ang nandoon sa pinakaibaba. Ang dagat ay parang ang ating pagkatao na ninanais nating manatili hanggang sa rabaw lamang ng tubig dahil nanatiling isang misteryo para sa atin ang pinakamalalim na bahagi nito. Sabi nga ni Sigmund Freud sa kanyang modelo ng *iceberg*, maliit lamang ang nakikita nating yelo sa ibabaw ng tubig (ang ating *consciousness*) subalit nagkukubli sa ilalim ang mas malaki pang bahagi nito (ang ating *sub-consciousness* at *unconsciousness*). Sa *social media*, ang ipinapakita lamang natin ang ating sarili bilang isang maliit na bahagi ng malaking nagkukubling yelo. Dahil sa takot nating malaman kung ano ang nilalaman nito kaya hindi natin ito hinahayaang makita at malaman ng iba. "Lahat ay may isang sekretong mundo sa loob nila" ayon nga kay Neil Gaiman.

Tuwing gagamit ako ng *social media*, may mga pagkakataong iniiwan ko ang aking pagkatao at lahat ng aking mga lihim sa totoong mundo at pumapasok ako sa isang bagong daigdig kung saan gumagawa ako ng ibang pagkatao. Madalas sa *Facebook*, kapag may problema ako, matapang kong hinaharap ang sanhi nito at kaya kong sabihin sa lahat ang lahat ng aking nararamdaman. Kaya naman, akala ng marami na ang tapang-tapang ko. Subalit sa likod ng maskarang suot ko ay umiiyak at nais tumakas na ako. Dahil dito, madalas na nalilito ang mga tao sa akin (lalo na ang mga taong kilala ko) kung ano ba talaga ang aking ugali.

Ngayon, sino ang nakatingin pabalik sa akin sa tubig? Iyon ay ang mga lihim na hindi ko gustong maipakita sa iba sapagkat natatakot ako na maaaring masira ang tingin ng iba sa akin. Mga lihim na hindi ko maunawaan dahil sa karuwagan kaya pinagmamasdan ko na lamang itong nakakubli sa ilalim ng rabaw ng *social media*.

*Sino ang aking hinahanap?*

Noong dinala ako sa dagat ng aking magulang, hindi lamang ako lumangoy kundi sumakay rin ako sa isang bangka. Habang itinitikin ng bangkero ang bangka upang makapunta ito sa mas malalim na bahagi ng dagat, naghahanap ako ng mga isdang lumalangoy o di naman kaya'y mga halamang dagat at bahura. Mahirap man silang hanapin ngunit nang may nakita akong isang grupo ng isdang lumalangoy palayo sa aming bangka, labis akong nasiyahan. Kaparehas lamang ng paghahanap ko sa mga isda at mga bahura sa dagat ang ating paghahanap sa sariling pagkakakilanlan. Hinahanap nating lahat kung sino ang gusto natin maging at ang *social media* ang pangunahing lugar na nagbibigay sa atin ng mga ideya. Maraming bata ang gustong maging astig dahil sa kanilang mga nakikitang litrato. Ang iba naman ay gustong magkaroon ng isang talento katulad ng pagtugtog ng violin dahil sa mga *videos* na kanilang napapanuod dulot ng pag-*share* ng mga kaibigan nila nito. Aaminin ko na ginusto kong maging magaling sa paggamit ng *Photoshop* dahil binigyang inspirasyon ako ng mga *cover photos* ng mga *anime pages* sa *Facebook*. Noong una, hinahangaan ko lang ang bawat magagandang pagkagawa ng mga *cover photos* hanggang sa inudyok ako ng aking mga kaibigan sa *Facebook* na subukan ko ring gumawa. Para bang mas naintindihan ko ang aking sarili dahil sa mga kulay na aking madalas gamitin o mga *textures* na aking nilalagay sa *Photoshop*. Nahanap at nakilala ko ang aking masinig na pagkatao na hindi ko alam na mayroon pala ako noon.

Sa patuloy kong pagbagtas sa laot ng aking buhay, hindi ko pa rin lubusang nasasagot ang mga katanungang bumabagabag sa akin: *Bakit inaalam ko pa rin kung ano ang nasa loob ng tubig?, Bakit pa rin ako natatakot sa mga hiwagang kinakanlong ng lalim ng tubig? At; Bakit hindi pa rin ako masaya kahit nakakakita na ako ng mga isdang lumalangoy?* Siguro ang magandang gawin ay sisisid ako sa pagitan ng lupa at tubig upang hanapin ang misteryo ng

pagtataka. Kapag nahanap na, sisisid muli nang mas malalim patungo sa pusod ng karagatang nagkakanlong sa mga hiwaga. Kukunin ko ito at muling papaitaas upang malaman na kung ang nahanap ay isang bagay na wala pa ako.